



Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos



Daniel R. Fernando
Punong Lalawigan

TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Enero 31, 2020

KALATAS

Minamahal kong mga Kalalawigan,

May isa (1) nang kumpirmadong kaso ng *2019 novel coronavirus (2019-nCoV)* ang ating bansa. Sa Lalawigan ng Bulacan, walang Patient Under Investigation (PUI) na *minor monitor* sa ating lalawigan. Nanatiling *novel coronavirus-free* ang Lalawigan ng Bulacan.

Gayunpaman, nais nating magbigay ng sapat na kaalaman upang makaiwas ang mga Bulakenyo sa mga sakit dulot ng *2019-nCoV*.

Ang *coronavirus* ay pamilya ng mga *virus* na nagdudulot ng iba't ibang klaseng sakit, mula sa karaniwang ubo't sipon hanggang sa mas malulubhang impeksyon.

Ilan sa mga sintomas nito ay ang ubo, sipon, lagnat, pag-iksi at hirap sa paghinga. Sa malubhang mga kaso, maaari itong maging sanhi ng Pneumonia, problema sa bato at pagkamatay.

Hinihiling na maging mapagmatyag sa mga nasabing sintomas lalo na sa ating mga kababayan na may *history of travel* o mga nanggaling sa Wuhan, China sa nakalipas na apat (4) na linggo. **Sa mga kinakikitaan ng sintomas kinakailangang:**

- **Agad na kumonsulta sa pinakamalapit na *health center* o ospital,**
- **Iwasan munang lumabas ng bahay at makisalamuha sa ibang tao.**


Bukod pa rito, aming ipinababatid ang ilan sa mga paraan upang makaiwas sa sakit na dulot ng coronavirus:

1. Palagiang maghugas ng mga kamay.
2. Takpan ng *tissue* o panyo ang ilong at bibig kapag umubo o bumahing.
3. Iwasan ang *contact* sa mga hayop kung walang tamang gamit na proteksyon
4. Lutuing mabuti ang kakaining karne na inyong inihahanda.
5. Umiwas muna sa mga matataong lugar lalo na sa mga taong may sintomas ng ubo at sipon.
6. Uminom ng maraming tubig at kumain ng masusustansiyang pagkain upang mapalakas ang resistensya ng katawan.

Nakahanda ang ating mga pampublikong ospital pagdating sa *standard infection control measures* o ang mga dapat isaalang-alang at gawin sakaling may pasyenteng kakitaan ng mga nabanggit na sintomas.

Hangad po ng inyong lingkod ang maayos at malusog na kalusugan ng bawat Bulakenyo!

Nagmamahal,


DANIEL R. FERNANDO
Punong Lalawigan

